

PATAKARAN

Misyon ng Cottage Health na magbigay ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan at mapabuti ang kalusugan ng aming mga komunidad sa pamamagitan ng paninindigan sa mga pangunahing prinsipyo namin sa kahusayan, integridad, at pagmamalasakit. Bilang bahagi ng misyong ito, ikinagagalak ng Cottage Health na mag-alok ng programa na Tulong Pampinansyal sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan.

Itinatakda ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal para sa Pasyente (Patakaran) na ito ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at ang proseso ng pag-aplay sa Tulong Pampinansyal para sa pasyente, na kilala rin bilang kawanggawa o may diskuwentong pangangalaga, sa mga ospital ng Cottage Health. Naaayon ang Patakarang ito sa mga prinsipyo ng Cottage Health sa kahusayan, integridad, at pagmamalasakit, at sumusunod ito sa lahat ng batas ng Estado at Pederal na batas.

Ang Cottage Health ay nagbibigay ng pangangalaga para sa pang-emergency na mga medikal na kondisyon nang hindi nandiskrimina, na nasa kahulugan ng Batas para sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Paggawa (Emergency Medical Treatment and Labor Act, "EMTALA") sa mga indibiduwal, anuman ang [kanilang kakayahang magbayad para sa mga serbisyo](#).

SAKLAW

Mga Serbisyon Sinasakop

Sinasakop ng Patakarang ito ang mga bayarin sa pasilidad at teknikal na bayarin para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay sa mga sumusunod na ospital ng Cottage Health:

- Santa Barbara Cottage Hospital;
- Santa Ynez Valley Cottage Hospital; at
- Goleta Valley Cottage Hospital.

Mga Serbisyon Hindi Sinasakop

Hindi Sinasakop ang Mga Bayarin sa Doktor

Hindi pinapahintulutan ng batas ng California na direktang kumuha ng mga doktor ang Cottage Health, ibig sabihin, kinontrata ang lahat ng doktor na nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasilidad ng Cottage Health. Bilang resulta, hindi sinasakop ng Patakarang ito ang mga bayarin sa doktor (kilala rin bilang "mga bayararin sa propesyonal") para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng mga doktor at iba pang partikular na provider ng medikal na serbisyo na nanggagamot ng mga pasyente sa mga ospital ng Cottage Health.

Partikular pang hindi sinasakop ng patakarang ito ang mga bayarin sa propesyonal para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng mga sumusunod na uri ng doktor:

- Mga doktor sa Emergency Department
- Mga Hospitalist
- Mga Internist
- Mga Radiologist at pangkat sa Radiology
- Mga Anesthesiologist at pangkat sa Anesthesia
- Pathology

Bukod pa rito, hindi sinasakop ng patakarang ito ang mga bayarin sa propesyonal para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng mga sumusunod na departamento ng ospital:

- Cardiovascular Services
- Family Practice
- Internal Medicine
- Neurology/Neurosurgery
- OB/GYN
- Oncology
- Ophthalmology
- Orthopedic Surgery
- Otolaryngology
- Pediatrics
- Psychiatry
- Pulmonary/Critical Care
- General Surgery
- Urology

Naningingil ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na ito nang hiwalay sa Cottage Health, at hindi nalalapat ang Patakarang ito sa mga singil nila. Responsibilidad ng pasyente na magbayad para sa mga bayarin sa propesyonal na sisingilin ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na ito, at hindi kwalipikado ang mga ito sa pagsasaayos para sa kawanggawa o may diskuwentong pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito. Nalalapat lang ang Patakarang ito sa mga bayarin sa pasilidad at teknikal na bayarin para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay sa ospital ng Cottage Health.

Bagama't hindi sinasakop ang mga doktor sa emergency sa Patakarang ito, sa ilalim ng batas ng California, ang doktor sa emergency na magbibigay ng mga medikal na serbisyong pang-emergency sa ospital na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency ay inaatasan ng batas na magbigay ng mga diskuwento sa: (1) mga pasyenteng walang insurance na nasa 350% ng pederal na antas ng kahirapan o mas mababa pa, at (2) Mga Pasyenteng May Malalaking Gastusin sa Pagpapagamot (ayon sa inilalarawan sa ibaba) na nasa 350% ng pederal na antas ng kahirapan o mas mababa pa. Hindi nagpapataw ng mga karagdagang obligasyon sa Cottage Health ang kinakailangang ito. Maaaring direktang humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa kinakailangang ito ang mga pasyente mula sa doktor sa emergency na nagbigay ng pangangalaga.

Mga Karagdagang Serbisyong Hindi Sinasakop

Ang kosmetikong pag-oopera, boluntaryong paggamot sa kalusugan ng pag-uugali at mga serbisyo para sa chemical dependency ay karaniwang itinuturing na mga serbisyong hindi apurahan at pangangalagang hindi medikal na kinakailangan at hindi kasama sa Patakarang ito. Ang mga serbisyong ibinibigay ng Pacific Diagnostic Laboratories sa mga nagsasariling klinika na wala sa campus ay hindi rin kasama. Dagdag pa rito, ang anumang serbisyong ibinibigay sa mga nagsasariling klinika na hindi lisensyado bilang serbisyo ng ospital ay hindi kasama.

MGA KAHULUGAN

Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil), o "AGB": Halagang kinakalkula gamit ang pamamaraang inilalarawan sa Patakarang ito na nagtatakda ng limitasyon sa halaga na maaaring singilin ng Cottage Health para sa pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan na ibibigay ng ospital ng Cottage Health sa pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal batay sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado na nakabalangkas sa Patakarang ito. Sa ilalim ng Patakarang ito, nalalapat lang ang AGB sa mga pasyenteng kwalipikado para sa mga diskuwento ng Tulong Pampinansyal, dahil sinasagot ng Cottage Health ang 100% ng halagang personal na responsibilidad na bayaran ng mga pasyente kapag nagpakita sila ng kita ng sambahayan na 350% ng pederal na antas ng kahirapan.

Extraordinary Collection Activities (Mga Hindi Pangkaraniwang Aktibidad ng Pagkolekta, Mga ECA): Mga pagkilos na maaaring gawin ng Cottage Health upang maningil ng bill, kabilang ang: (1) mga pagkilos kung saan kinakailangan ng legal na proseso o prosesong nauugnay sa hukuman; o (2) pag-uulat ng hindi naaayong impormasyon sa mga ahensya ng pag-uulat ng credit o bureau ng credit.

Mga Kapamilya: Sa ilalim ng batas ng California, para sa mga taong 18 taong gulang pataas, tumutukoy ang kapamilya sa asawa o kabiyak, at sa mga umaasang anak na wala pang 21 taong gulang, nakatira man o hindi sa parehong bahay. Para sa mga taong wala pang 18 taong gulang, tumutukoy ang kapamilya ng pasyente sa mga magulang, kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang anak ng magulang o tagapag-alaga na wala pang 21 taong gulang. Dapat ay direktang tumugma ang Bilang ng Mga Kapamilya sa bilang ng mga taong umaasa na nakalista sa tax return ng kasalukuyang taon. Kung hindi available ang tax return ng kasalukuyang taon, o kung hindi tumutugma ang Bilang ng Mga Kapamilya sa numerong nakalista sa tax return ng kasalukuyang taon, dapat magbigay ang pasyente o responsableng partido ng isa o higit pa sa mga sumusunod na dokumento upang maipakita ang pagbabago sa Bilang ng Mga Kapamilya:

- birth certificate
- mga pederal na dokumento ng imigrasyon
- mga dokumento sa pagiging tagapag-alaga

Federal Poverty Level (Pederal na Antas ng Kahirapan, FPL): Isang nakatakdang sukatan ng kita na nababago ayon sa pagtaas ng halaga ng bilihin, taun-taong isinasaad ng Department of Health and Human Services ng Estados Unidos, at ginagamit ng Cottage Health upang tukuyin ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.

Tulong Pampinansyal: Kawanggawa (libre) o may diskuwentong pangangalagang ibinibigay sa mga indibidwal na hindi kayang magbayad para sa kabuuan o bahagi ng kanilang mga bill sa pagpapagamot mula sa ospital. Pinagpapasyahan ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal batay sa mga pamantayang isinasaad sa Patakarang ito.

Gross na Singil: Ang buong tiyak na presyo ng Cottage Health para sa medikal na pangangalagang nakatakda at palagiang sinisingil sa mga pasyente bago maglapat ng anumang nakakontratang allowance, diskuwento, o pagbabawas.

Guarantor: Pasyente o iba pang indibidwal na responsableng magbayad para sa pangangalaga sa pasyente.

Malalaking Gastusin sa Pagpapagamot: Sa ilalim ng batas ng California, isang indibidwal na may kita ng pamilya na hindi lumalampas sa 350% FPL, at may: (a) taunang out-of-pocket na gastusing nakuha ng indibidwal sa Cottage Health na lampas sa 10% ng kita ng pamilya ng pasyente sa loob ng nakaraang 12 buwan; o (b) taunang out-of-pocket na gastusing lampas sa 10% ng kita ng pamilya ng pasyente, kung magbibigay ang pasyente ng dokumentasyon ng kanyang mga gastusin sa pagpapagamot na binayaran niya o ng kanyang pamilya sa loob ng nakaraang 12 buwan.

Kita ng Sambahayan: Ang gross na kita ng pasyente/responsableng partido, kabilang ang gross na kita ng iba pang nasa hustong gulang na nakalista bilang miyembro ng sambahayan ng pasyente/responsableng partido sa nauugnay na tax return. Nakalista sa ilalim ng “Proseso ng Pag-aplay para sa Tulong Pampinansyal” sa ibaba ang mga katanggap-tanggap na dokumento ng pinagmumulan ng kita.

Mga Taong Walang Insurance sa Kalusugan: Mga guarantor na natukoy ng Cottage Health na hindi makakabayad ng ilan o lahat ng kanilang medikal na bayarin dahil ang kanilang mga medikal na bayarin ay lumalampas sa partikular na porsiyento ng kita o mga asset ng kanilang pamilya o sambahayan (halimbawa, dahil sa catastrophic na mga gastos o kondisyon), kahit na mayroon silang kita o mga asset na di kaya’y lumalampas sa karaniwang naaangkop na mga kinakailangan sa pagiging nararapat para sa libre o may diskuwentong pangangalaga sa ilalim ng patakaran para sa pinansyal na tulong. Ang mga medikal na bayarin at pananagutan na isinasaalang-alang sa pagtukoy na ito ay kinabibilangan ng mga mula sa organisasyon na wala sa Cottage Health.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga: Medikal na serbisyo o paggamot na lubos na kinakailangan upang magamot o masuri ang pasyente, na maaaring magkaroon ng masamang epekto sa kundisyon, sakit, o pinsala ng pasyente kung hindi ibibigay, at hindi itinuturing na opsyonal o cosmetic na operasyon o paggamot.

Mga Asset na Pera: Mga hindi pisikal na asset gaya ng cash, mga stock, bond, savings account, at iba pang bank account, ngunit hindi kasama ang mga plano sa pagreretiro o ipinagpalibang sweldo na kwalipikado sa ilalim ng Internal Revenue Code, hindi kwalipikadong plano sa ipinagpalibang sweldo, o anumang lupang ari-arian o pisikal na asset. Hindi kasama ang unang sampung libong dolyar (\$10,000) ng Mga Asset na Pera ng pasyente at ang 50% ng Mga Asset na Pera ng pasyente sa unang sampung libong dolyar (\$10,000) para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal. Para sa mga namatay nang pasyente, kasama sa Mga Asset na Pera ang mga asset sa tirahan ng namatay na pasyente.

Pangunahing Wika: Wikang ginagamit ng mas maliit na bahagi ng 1,000 tao o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng isang ospital ng Cottage Health batay sa pinakakamakailang Pagsusuri sa Mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad na isinagawa ng ospital.

AVAILABLE NA TULONG PAMPINANSYAL

Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado

Ang Pagiging Kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ay nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan:

- Para sa 100% Tulong Pampinansyal, kadalasang kilala bilang “kawanggawang pangangalaga,” isasaalang-alang ng Cottage Health ang Kita ng Sambahayan, laki ng pamilya, at Mga Asset na Pera. Kwalipikado para sa 100% Tulong Pampinansyal ang mga pasyenteng may Kita ng Sambahayan na 350% ng FPL o mas mababa. Nakakatugon ito sa kinakailangan sa ilalim ng batas ng California na ang mga pasyenteng may kita ng pamilya na hindi lumalampas sa 350% FPL at (a) sariling nagbabayad, o (b) may Matataas na Gastusin sa Pagpapagamot, ay dapat maging kwalipikado para sa kawanggawang pangangalaga o may diskuwentong pagbabayad at hindi dapat magbayad nang higit sa inaasahang matatanggap ng ospital mula sa pagbibigay ng mga serbisyo sa payor mula sa pamahalaan; kwalipikado ang mga pasyenteng ito para sa 100% Tulong Pampinansyal.
- Available ang may diskuwentong pangangalaga para sa mga pasyenteng may Kita ng Sambahayan na mas malaki sa 350% FPL hanggang 445% FPL, kung isasaalang-alang ang Bilang ng Mga Kapamilya (at hindi isasaalang-alang ang Mga Asset na Pera). Ang mga porsyento ng diskuwento batay sa Kita ng Sambahayan at Bilang ng Mga Kapamilya ay alinsunod sa mga taunang alituntunin ng sliding scale ng FPL, at nakalakup at kasama ang mga ito sa Patakarang ito bilang [Attachment A](#), Form ng Pagkalkula sa Tulong Pampinansyal para sa Pasyente. Ibinabawas ang mga diskuwento sa out-of-pocket na pinansyal na responsibilidad ng pasyente. Kung magdudulot ng mas mababang pampinansyal na responsibilidad ang paglalapat ng porsyento ng AGB kaysa sa mga diskuwentong makukuha sa pamamagitan ng Attachment A, malalapat ang diskuwento ng AGB.
- Ang 100% pinansyal na [tulong o may diskuwentong pangangalaga ay makukuha ng mga guarantor na nagpapakitang sila ay Wala o Hindi Kwalipikado sa Insurance sa Kalusugan. Ang mga Asset na Pera ay maaaring ituring sa pagkakaroon ng pagpapasiyang ito. Ang Cottage Health ay mayroong natatanging diskresyon kapag pinagpapasiyahan ang status ng guarantor bilang Wala o Hindi Kwalipikado sa Insurance sa Kalusugan.](#)
- Ang mga pasyenteng nakakatanggap ng direktang bayad para sa medikal na pangangalaga bilang bayad para sa pinsala, ng Supplement ng Medicare, o ng sibil na paglilitis o paghahatol dahil sa pananagutan ng isang third party ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pampinansyal para sa pangangalagang sasaklawan ng pagbabayad na iyon.
- Ang mga pasyenteng may insurance na tumanging magbigay ng sapat na impormasyon sa kanilang carrier ng insurance, na nagdulot sa pagtanggap ng carrier ng insurance sa claim para sa pagpapagamot, ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pampinansyal para sa mga gastusin ng tinanggihang pangangalaga.
- Ang mga pasyenteng hihiling na hindi singilin ng Cottage Health ang carrier ng insurance nila, at pipiliing magbayad para sa mga serbisyong ito nang out-of-pocket bilang sariling pagbabayad, ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pampinansyal para sa mga serbisyong binayaran nang out-of-pocket.
- [Ang mga pasyenteng nararapat para sa mga programang kwalipikado sa FPL tulad ng Medi-Cal, Medicaid at iba pang mga tulong na programa para sa mababa ang kita na ini-sponsor ng pamahalaan, ay itinuturing bilang nararapat para sa pinansyal na tulong. Kaya, ang mga nasabing pasyente ay nararapat para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng patakarang ito kapag tumanggi ang mga programa sa pagbabayad at pagkatapos ay ituturing ang mga singil na dapat bayaran ang pasyente. Ang mga balanse sa account ng pasyente na magreresulta mula sa mga hindi nabayaranang singil ay nararapat para ganap na alisin ito sa account bilang kawanggawa. Ang partikular na kabilang bilang nararapat ay mga singil na may kaugnayan sa mga sumusunod:](#)
 - [Tinanggihang mga pananatili dahil kailangang maospital](#)
 - [Tinanggihang mga araw ng pangangalaga dahil kailangang maospital](#)
 - [Hindi sakop na mga serbisyo](#)

- o [Mga pagtanggap sa Kahilingan para Bigyan ng Awtorisasyon ang Paggamot \(Treatment Authorization Request, TAR\)](#)
- o [Mga pagtanggap dahil sa limitadong pagsakop](#)

Available ang Tulong Pampinansyal sa lahat ng pasyenteng makakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na nakabalangkas sa Patakarang ito, at nalalapat ito sa mga bayarin sa pasilidad at teknikal na bayarin, matapos malapat ang lahat ng bayad sa pribadong insurance sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Medi-Cal ngunit hindi nasasaklawan ng mga petsa ng pagiging kwalipikado nila ang kabuuan ng pangangalagang matatanggap nila sa ospital.

Kung ihahayag sa tax return ng pamilya bilang dependent ang isang mag-aaral na nag-a-apply para sa tulong, dapat isaalang-alang ang buong kita ng pamilya sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal.

Para sa mga pumanaw na [guarantor, tingnan ang](#) patakarang “8545.08 Deceased Patients” para matukoy ang [anumang pagbabago sa guarantor batay sa legal na paglilipat ng mga asset at kung sasailalim sila sa Probate](#). Kung hindi matutukoy ng Cottage ang naiwanang asawa o matutukoy na [mga asset para sa](#) pumanaw na mga guarantor, [o matukoy ang bagong guarantor batay sa legal na paglilipat ng mga pananagutan tulad ng sa kaso na menor de edad ang pasyente, magbibigay ng posibleng kawanggawa at aalisin ang hindi pa nababayaran balanse](#). Kung mayroong naiwanang asawa ang pumanaw na pasyente, at pinili ng naiwanang asawa na talikdan ang pormalna Probate, maaaring mag-aplay ang naiwanang asawa para sa Pinansyal na Tulong, kung saan ang mga kinakailangan para sa pagiging nararapat na isinaad sa Patakarang ito ay naaangkop.

Hindi sisingilin nang higit sa Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil) ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito.

Batayan sa Pagkalkula ng Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil, AGB)

Ang mga pasyenteng matutukoy na kwalipikado para sa Tulong Pampinansyalay hindi sisingilin – ibig sabihin, hindi magiging personal na responsibilidad ng mga gayong pasyente ang pagbabayad –nang higit sa Amounts Generally Billed (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil, AGB) para sa mga indibidwal na may insurance sa pangangalagang pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, matapos malapat ang lahat ng pagbabawas, diskuwento, at reimbursement sa insurance.

Alinsunod sa naaangkop na batas, ginagamit ng Cottage Health ang “look-back method” para sa pagkalkula ng AGB. Partikular pa, ang kabuuan ng mga halaga ng lahat ng claim ng Cottage Health para sa lahat ng medikal na pangangalagang pinahintulutan ng bayarin para sa serbisyo ng Medicare at lahat ng pribadong insurer para sa kalusugan sa loob ng nakaraang 12 buwan ay hinahati ng Cottage Health sa kabuuan ng Gross na Singil para sa mga claim na iyon. Nakadepende ang mga claim na ginamit sa pagkalkula sa kung pinahintulutan ng insurer para sa kalusugan ang claim sa loob ng nakaraang 12 buwan, hindi sa kung ibinigay ang pangangalagang nagresulta sa claim sa loob ng nakaraang 12 buwan iyon.

Kapag isinasama ang mga pinapahintulutang claim sa pagkalkula ng (mga) porsyento ng AGB nito, isinasama ng Cottage Health ang buong halagang pinahintulutan ng insurer para sa kalusugan, kabilang ang halagang babayaran o ire-reimburse ng insurer at ang halagang (kung mayroon) personal na responsibilidad ng pasyente (o ng guarantor ng pasyente) na bayaran sa pamamagitan ng mga co-payment, co-insurance, at deductible, nang walang pagsasaalang-alang sa kung o kailan mababayaran ang buong pinapahintulutang halaga, o sa anumang diskuwentong malalapat sa bahaging babayaran ng pasyente.

Gumagamit ng ibang kasunduan sa provider ng Medicare ang bawat ospital ng Cottage Health, at kinakalkula ng bawat isa ang sari-sarili nitong porsyento ng AGB para sa pasilidad nito batay sa mga claim at Gross na Singil para sa lahat ng ospital na iyon. Ang porsyento ng AGB na ito ay available, nang nakasulat at libre, sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP. Maaari ring humiling ang mga pasyente ng papel na kopya ng AGB ng Cottage Health, na ipapadala nang libre, kung

magsusumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pag-email sa CottageBilling@sbch.org, pagtawag sa (805) 879-8963, o pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa isa sa mga sumusunod:

Cottage Health Business Office, 6550 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117
Santa Barbara Cottage Hospital, 400 W. Pueblo St. Santa Barbara, CA 93105
Goleta Valley Cottage Hospital, 351 S. Patterson Ave., Goleta, CA 93111
Santa Ynez Valley Cottage Hospital, 2050 Viborg Rd., Solvang, CA 93463

PROSESO NG PAG-APPLY PARA SA TULONG PAMPINANSYAL

Proseso

Upang maisaalang-alang para sa pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal, kinakailangang magsumite ang indibidwal ng kumpletong Aplikasyon para sa Financial Assistance Policy (Patakarang sa Tulong Pampinansyal, FAP) at ng lahat ng kinakailangang dokumentasyon sa Panahon ng Pag-aplay. Matatapos ang Panahon ng Pag-aplay sa alinman ang mas mahuhuli sa mga sumusunod:

- 1) ang ika-240 araw pagkatapos ng petsa kung kailan ibinigay ang unang statement ng pagsingil pagkatapos ng pagpapalabas sa ospital; o
- 2) ang takdang petsang ibinigay sa abiso ng Cottage Health para sa mga ECA.

Maaaring kailanganin ng indibidwal na magsusumite ng Aplikasyon para sa FAP na magsumite ng mga kopya ng mga sumusunod na dokumentasyon, ayon sa naaangkop:

- mga tax return at pansuportang iskedyul (nakaraang dalawang (2) taon)
- mga statement mula sa lahat ng bank at investment account na sinasakop ng Patakarang ito (nakaraang tatlong (3) buwan)
- mga pay stub mula sa lahat ng trabaho (nakaraang tatlong (3) buwan)
- pinakabagong Form W-2 o statement ng pagkawala ng trabaho
- Statement ng mga benepisyo sa Social Security (kung naaangkop)
- driver's license o ID na may larawan
- Sa ilang mga kaso, birth certificate, mga pederal na dokumento ng imigrasyon at/o mga dokumento para sa pag-aalaga

Maaaring itanggi sa mga pasyente ang Tulong Pampinansyalkung hindi sila magbibigay ng kumpletong Aplikasyon para sa FAP at ng kinakailangang dokumentasyon sa Panahon ng Pag-aplay. (Tingnan ang "Pagsusumite ng Mga Aplikasyon sa Panahon ng Pag-aabiso at Pag-aplay" sa ibaba, para sa higit pang paglalarawan sa mga kumpleto at hindi kumpletong Aplikasyon para sa FAP.)

Kapag nag-aplay o may nakabinbing aplikasyon ang isang pasyente para sa isa pang programa ng pangangalagang pangkalusugan kasabay ng pag-apply niya para sa Tulong Pampinansyal, hindi awtomatikong kasama sa isang aplikasyon ang pagiging kwalipikado sa isa pa. Kwalipikadong mag-apply ang mga pasyente para sa Tulong Pampinansyalsa ilalim ng Patakarang ito anumang oras sa Panahon ng Pag-aplay.

Impormasyon Tungkol sa Tulong Pampinansyalat Tulong sa Aplikasyon para sa FAP

Ang pasyente o sinumang iba pang nauugnay sa pangangalaga ng pasyente, kabilang ang kapamilya o provider, ay maaaring maghayag kailanman sa panahon ng pangangalaga sa pasyente na mayroon siyang alalahanin hinggil sa pananalapi. Idirekta dapat sa Business Office ng Cottage Health ang mga tanong kaugnay ng Tulong Pampinansyal.

May mga kinatawag available upang magbigay ng impormasyon tungkol sa FAP at tulungan ang mga pasyente sa pagkumpleto ng Aplikasyon para sa FAP, sa personal o sa pamamagitan ng telepono:

Business Office ng Cottage Health
Bumisita sa: 6550 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117
Tumawag sa: (805) 879-8963
Mga Oras: 8:00am – 4:00pm, Lunes - Biyernes

Pagtutol sa Pagpapasya hinggil sa Tulong Pampinansyal

Kung magkakaroon ng pagtutol sa pagpapasya hinggil sa Tulong Pampinansyalo pagsusuri sa Aplikasyon para sa FAP, maaaring humiling ng pagsusuri ng Vice President of Revenue Cycle ng Cottage Health ang nauugnay na indibidwal. Maaaring i-email ang kahilingan para sa pagsusuri na ito sa CottageBilling@sbch.org o maaari itong isumite sa pamamagitan ng telepono sa (805) 879-8926.

MGA PAGKILOS NA ISASAGAWA KUNG HINDI MAKAKAPAGBAYAD ANG PASYENTE

Panahon ng Pag-aabiso at Pag-aplay

Dapat abisuhan ng Cottage Health ang mga pasyente tungkol sa pagiging available ng Tulong Pampinansyalsa ilalim ng Patakarang ito at sa proseso ng pag-apply upang makatanggap ng gayong tulong sa pamamagitan ng paglalagay ng abiso sa lahat ng statement ng pagsingil ng pasyente. Hindi dapat magsagawa ng mga ECA ang Cottage Health bago gumawa ng makatuwirang pagsisikap, ayon sa kinakailangan ng batas ng estado at pederal na batas, na tukuyin kung kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito. Hindi magsasagawa ng mga ECA ang Cottage Health upang mangolekta ng mga halagang dapat bayaran sa panahong hindi bababa sa 150 araw matapos ang petsa ng unang statement ng pagsingil pagkatapos ng pagpapalabas sa ospital, na tinatawag na "Panahon ng Pag-aabiso."

Hindi bababa sa 30 araw bago magsimula ng mga ECA, gagawin ng Cottage Health ang mga sumusunod:

- 1) magpapadala ng nakasulat na abiso sa pasyente na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagiging available ng Tulong Pampinansyalsa ilalim ng Patakarang ito, sa mga partikular na ECA na planong gawin ng Cottage Health kung hindi makakapagbayad ang pasyente, at sa takdang petsa para sa pagsisimula ng mga ECA na ito, pati na rin sa statement na kinakailangan bilang pagsunod sa batas ng California kaugnay ng mga patas na kasanayan sa pagsingil ng utang at pagpapatupad ng Federal Trade Commission;
- 2) magbibigay ng nakasulat na plain language summary (Plain Language Summary) ng Patakarang ito; at
- 3) gagawa ng mga makatuwirang pagsisikap na abisuhan nang pasalita ang pasyente tungkol sa Patakarang ito at kung paano siya makakahingi ng tulong sa Aplikasyon para sa FAP bago magsagawa ng mga ECA.

Pagkatapos ng Panahon ng Pag-aabiso at kapag natugunan na ang mga probisyon sa pag-aabiso na nakabalangkas sa seksyong ito, maaari nang magsagawa ng mga ECA ang Cottage Health upang kolektahin ang mga halagang dapat bayaran.

Kung makatanggap ng kumpletong Aplikasyon para sa FAP ang Cottage Health sa Panahon ng Pag-apply, sususpindihin nito ang anumang nasimulang ECA at pagpapasyahan nito ang pagiging kwalipikado ng indibidwal para sa Tulong Pampinansyal.

Kung makatanggap ng hindi kumpletong Aplikasyon para sa FAP ang Cottage Health sa Panahon ng Pag-apply, sususpindihin nito ang anumang nasimulang ECA at magbibigay ito ng makatuwirang pagkakataon upang makapagsumite ng kumpletong Aplikasyon para sa FAP ang pasyente, sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanya ng mga kinakailangan upang kumpletuhin ang Aplikasyon para sa FAP at pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Business Office ng Cottage Health.

Pagpapasyahan ng Vice President of Revenue Cycle ng Cottage Health o ng taong itatalaga niya, depende sa sitwasyon, kung nakagawa ang Cottage Health ng mga makatuwirang pagsisikap na tukuyin kung kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pampinansyalsa ilalim ng Patakarang ito at kung maaari nang magsagawa ng mga ECA ang Cottage Health.

Pagsasaayos para sa Kawanggawang Pangangalaga

Maaaring maging kwalipikado sa pagsasaayos para sa kawanggawang pangangalaga sa ilalim ng Patakarang ito ang mga pasyenteng hindi magsusumite ng kumpletong Aplikasyon para sa FAP, ngunit matutukoy, batay sa paunang pampinansyal na pagsasala, na may Kita ng Sambahayan na 350% FPL o mas mababa. Ang gayong paunang pampinansyal na pagsasala ay gagamit ng impormasyong available sa Cottage Health, at ang Cottage Health lang ang makakapagpasya hinggil dito. Maaaring gumamit ang Cottage Health ng impormasyong hindi nagmula sa pasyente, kabilang ang mga pagtatantya ng kakayahang magbayad ng pasyente batay sa pampubliko at pinagmamay-ariang impormasyon, impormasyong kabilang sa mga database na available sa publiko, at impormasyong ibibigay ng mga third-party na vendor na gumagamit ng impormasyong kabilang sa mga database na available sa publiko (hal., Payment Assistance Rank Ordering (Nakaranggong Pagsasaayos para sa Tulong sa Pagbabayad) o "PARO"). Sa Panahon ng Pag-aabiso, ibibigay ng Cottage Health ang lahat ng kinakailangang abiso kaugnay ng pagiging available ng Tulong Pampinansyalat ng pagkakataong humingi ng tulong sa pagkumpleto ng Aplikasyon para sa FAP, pati ng Plain Language Summary at mga naaayong statement ng pagsingil para sa anumang balanseng dapat bayaran ng indibidwal. Pagkatapos ng Panahon ng Pag-aabiso, hindi man nag-apply ang indibidwal para sa Tulong Pampinansyal, maaaring maglapat ang Cottage Health ng 100% pagsasaayos para sa kawanggawang pangangalaga sa anumang balanseng dapat bayaran ng pasyenteng natukoy mula sa pampinansyal na pagsasala na may 350% FPL o mas mababa.

Hindi layunin ng Cottage Health na gumamit ng pagpapasya sa pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyalna gumagamit ng prosesong ito bilang paraan upang matugunan ang mga makatuwirang pagsisikap na kinakailangan sa Cottage Health. Sa halip, pagpapasyahan lang ng Cottage Health ang pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito sa pamamagitan ng pag-aabiso sa mga pasyente tungkol sa Patakarang, at ng pagpoproseso ng Mga Aplikasyon para sa FAP. Ang paggamit ng Cottage Health ng anumang impormasyon ng third party sa pagsasaayos para sa kawanggawang pangangalaga ng Cottage Health ay hindi awtomatikong nangangahulugan na magagamit ito upang magpasya tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal sa ilalim ng Patakarang ito. Dapat magsumite ang mga pasyente ng kumpletong Aplikasyon para sa FAP sa Panahon ng Pag-aplay upang maisaalang-alang para sa Tulong Pampinansyal.

Mga Plano ng Pagbabayad

Maaaring maging kwalipikado ang mga pasyente para sa walang interes na pinalawak na plano ng pagbabayad, na malalapat din sa mga pagbabayad ng may diskuwentong singil. laalok at pagkakasunduan ang mga plano ng pagbabayad alinsunod sa Patakarang sa Plano ng Pagbabayad ng Cottage Health.

Pagsingil at Pagkolekta

Bukod pa sa pagsasagawa ng mga ECA, ayon sa inilalarawan sa Patakarang ito, maaaring magsagawa ang Cottage Health ng mga makatuwirang pagsisikap sa pagkolekta ng bayad mula sa mga pasyente. Hindi maaaring gamitin ng Cottage Health o ng anumang ahensya sa pagkolekta na nauugnay sa Cottage Health sa proseso ng pagkolekta ang impormasyong makukuha sa proseso ng pag-apply para sa Tulong Pampinansyal. Maaaring kasama sa mga pangkalahatang aktibidad ng pagkolekta ang pagbibigay ng mga statement ng pasyente, pagtawag sa telepono, pagpapadala ng email, at pagtiyak na naipadala sa pasyente o guarantor ang mga statement.

IMPORMASYON SA PAGIGING AVAILABLE NG TULONG PAMPINANSYAL

Preadmission o Pagpaparehistro: Sa proseso ng preadmission o pagpaparehistro (o kung kailanman magagawa pagkatapos nito), bibigyan ng Cottage Health ng papel na kopya ng Plain Language Summary ng Patakarang ito ang lahat ng pasyente.

Mga Statement ng Pagsingil: Ang mga statement ng pagsingil ng ospital mula sa Cottage Health ay may kasamang Plain Language Summary, numero ng telepono na matatawagan ng mga pasyente kung may tanong sila tungkol sa Tulong Pampinansyal, at address ng website kung saan makakakuha ng karagdagang impormasyon ang mga pasyente. May kasama ring buod ng mga legal na karapatan sa statement ng pagsingil.

Pampublikong Pagpapaskil: Nagpapaskil ang lahat ng ospital ng Cottage Health ng mga madaling makitang karatulang nag-aabiso at nagbibigay-impormasyon sa mga pasyente tungkol sa Patakarang. Makikita ang mga ito sa mga pampublikong lokasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga admission area, waiting room, billing office, emergency room, at lugar para sa serbisyo sa mga outpatient ng ospital. May impormasyon ang mga pampublikong abisong ito tungkol sa karapatan ng pasyente na humiling ng pagtatantya ng pinansyal na responsibilidad para sa mga serbisyo.

Mga Papel na Kopya: Available nang libre ang mga papel na kopya ng Patakarang ito, ng Plain Language Summary, at ng Aplikasyon para sa FAP kung hihilingin sa mga admission area at emergency room sa mga ospital ng Cottage Health na nakalista sa ibaba. Maaari ring hilingin ng mga pasyente na padalhan sila ng mga papel na kopya ng mga materyal na ito, nang libre, kung magsusumite sila ng kahilingan sa pamamagitan ng pag-email sa CottageBilling@sbch.org, pagtawag sa (805) 879-8963, o pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa isa sa mga sumusunod:

Cottage Health Business Office, 6550 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117
Santa Barbara Cottage Hospital, 400 W. Pueblo St. Santa Barbara, CA 93105
Goleta Valley Cottage Hospital, 351 S. Patterson Ave., Goleta, CA 93111
Santa Ynez Valley Cottage Hospital, 2050 Viborg Rd., Solvang, CA 93463

Website: May mga kopya ng Patakarang ito, ng Plain Language Summary, at ng Aplikasyon para sa FAP sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP.

Kamalayan sa Komunidad: Makikipagtulungan ang Cottage Health sa mga nauugnay na organisasyon, doktor, community clinic, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan upang abisuhan ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa pagiging available ng Tulong Pampinansyalsang ilalim ng Patakarang ito.

Makukuha ang Patakarang ito, ang Mga Plain Language Summary, at form ng Aplikasyon para sa FAP sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP, at para sa hard copy, nang libre at kung hihilingin, sa (mga) pangunahing wika ng bawat Area ng Serbisyo ng Ospital ng Cottage Health. Bukod pa rito, makukuha ang lahat ng abiso at pakikipag-ugnayang ibinigay kaugnay ng Patakarang ito sa (mga) pangunahing wika ng bawat Area ng Serbisyo ng Ospital ng Cottage Health, at sa paraang alinsunod sa lahat ng nalalapat na Pederal na batas at batas ng Estado. Para sa Patakarang ito, ang Pangunahing Wika ng Area ng Serbisyo ng Ospital ay ang wikang ginagamit ng mas maliit na bahagi ng 1,000 tao o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng isang ospital batay sa pinakamakailang Pagsusuri sa Mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad na isinagawa ng ospital.

PAGSUSURI SA PATAKARAN

Pana-panahong susuriin ng Finance Committee ng Board of Directors ng Cottage Health ang patakarang ito, at ang Board of Directors ng Cottage Health ang magbibigay ng pormal na pag-apruba sa anumang pagbabago.

PETSA NG PAGBABAGO SA PATAKARAN

Setyembre 28, 2018.